JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Hustong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# ARTS

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Paglilimbag:
## Texture, Ethnic Motif Design at Relief Printing



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: __________________________________

Paaralan: __________________________________



# Alamin



Ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang kultural na pamayanan tulad ng mga Ifugao sa Luzon, Kilalang pangkat ng Panay-Bukidnon sa Visayas, at Yakan sa Mindanao. Ang mga kultural na pamayanan ay may kani-kaniyang disenyong etniko na hango sa kalikasan o kanilang kapaligiran na ginagamitan ng iba't ibang materyal. Ang mga disenyong may etnikong motif ay makikita sa kanilang mga kagamitan tulad ng banga, kasuotan, palamuti at iba pa.

Sa modyul na ito inaasahan na makakamit mo ang sumusunod na layunin:

- Natatalakay ang tekstura at katangian ng bawat materyal
- Nasusuri kung paano ang mga etnikong motif designs ay ginagamit nang paulit-ulit at pasalit-salit
- Naipapakita ang mga proseso sa pagbuo ng *relief prints* at kung paano nito ginagawang mas kawili-wili at tugma ang gawain batay sa mga elementong kinabibilangan nito
- Nakapagdidisenyo ng *ethnic motifs* sa pamamagitan ng pag-uulit, pasalit-salit o radyal na ayos



# Balikan

Ang mga bagay ay may iba't ibang testura o texture tulad ng malambot, magaspang, matigas at makinis. Ang testura ay katangian ng bagay na nahihipo, nadarama at nakikita.

**Panuto:** Tukuyin ang testura ng ng mga nakalarawang materyal. Isulat sa patlang na nakalaan kung ito ay malambot, magaspang, matigas o makinis.













1. ____________ 2. _____________ 3. _____________ 4. _____________

| Aralin 1 | Paglilimbag: Texture, Ethnic Motif Design at Relief Printing |
|---|---|



# Tuklasin

Ang etnikong motif ay binubuo ng mga hugis at linya. Nagiging mas maganda at kaaya-aya ang disenyo ng mga etnikong motif sa pamamagitan ng paulit-ulit, pasalit-salit, at radyal na pamamaraan. Ang mga etnikong motif ay maaaring gamitin sa **relief prints** o mga disenyo na makikita sa materyales upang hindi paulit-ulit ang pagpinta.



PAULIT - ULIT



RADYAL NA AYOS



PASALIT - SALIT



# Suriin

**Panuto:** Suriin ang mga larawan na nasa ibaba. Isulat sa patlang ang pamamaraan na ginamit kung ito ay Paulit-ulit, Pasalit-salit o Radyal.





1. __________ 2. ____________ 3.______________



# Pagyamanin

**Panuto:** Ihanda ang iyong mga kagamitan sa paggawa ng sarili mong likhang-sining gamit ang ethnic motif designs sa Paulit-ulit, Pasalit-salit, o Radyal na ayos. Gawing batayan ang mga larawan na nasa Tuklasin at Suriin.



# Isaisip

**Panuto:** Punan ang mga patlang ng wastong sagot upang mabuo ang kaisipan na iyong natutunan sa aralin na ito.

Ang mga bagay sa paligid ay nagtataglay ng __________. Ito ay maaaring magaspang, malambot, makinis, at matigas. Ang ____________________ ay binubuo ng hugis at linya. Mas napapaganda at kaakit-akit ang disenyo ng etnikong motif sa pamamagitan ng ________________, ________________, o ____________ na pamamaraan. Maaaring gamitin ang etnikong motif sa _________________ upang hindi paulit-ulit ang pagpipinta.



# Isagawa

**Panuto:** Gawin ang relief print ng disenyong may etnikong motif. Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa paggawa.

**Kagamitan:** banana stalk at iba pang gulay na may stalk, brush, acrylic paint o water color, cartolina o cardboard, gunting at container

**Mga Hakbang sa Paggawa:**

1. Kumuha ng isang papel at gumuhit ng modelo ng disenyong etniko na nagpapakita ng pag-uulit, pagsasalit-salit, paikot o radyal na ayos.
2. Mula sa nabuong modelo sa papel, gumupit ng anumang bagay na maaaring gawing pantatak (stamp) tulad ng sanga ng puno ng saging (banana stalk) at iba pang bagay na may stalks. Mag-ingat sa paggamit ng matutulis na bagay.
3. Gumupit ng cartolina o cardboard na kasinlaki ng greeting cards (1/4 bondpaper).
4. Pahiran ng tinta ang dulo ng stalks upang mailipat ang disenyo sa gagawing card gamit ang brush.
5. Sa pagbuo ng disenyo sa card, iayos ito nang paulit-ulit, pasalit-salit o radyal.
6. Sumulat ng isang maikling mensahe sa maaaring pagbigyan ng card sa gawing loob nito.
7. Patuyuin ang card at ipakita sa kasama sa bahay bago ipasa sa guro.

Gawing gabay ang Rubrik upang masuri ang iyong ginawang likhang-sining.

| KASANAYAN | Buong Husay (3 puntos) | May Kaunting pagkukulang (2 puntos) | Nangangailangan ng tulong o suporta (1 puntos) |
|---|---|---|---|
| 1.Nasunod ko nang maayos ang pamamaraan sa paggawa ng relief prints. | | | |
| 2.Naipakita ko ang pag-uulit, pagsasalit-salit o radyal na ayos sa ginawang disenyo. | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.Ang sarili kong disenyong nagawa sa relief prints ay hango sa mga ethnic motif designs ng mga pangkat-rtniko. | | | |
| 4.Malaya akong nakagawa ng relief prints na hindi kinakailangan ang tulong ng iba. | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain nang mabuti ang bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod na larawan ang nagpapakita ng pasalit-salit na ayos ng disenyong etniko?

   A.  B.  C.  D. 

2. Ang testura ay ______________________________.
   A. Katangian ng mga bagay na nahihipo lamang
   B. Katangian ng mga kulay
   C. Katangian ng mga bagay na nahihipo, nadarama at nakikita
   D. Katangian ng mga bagay na nahihipo at nakikita

3. Alin ang disenyong nagpapakita ng radyal na ayos?

   A.  B.  C.  D. 

4. Alin ang may pinamagaspang na testura?

   A. 

   B. 

   C. 

   D. 

5. Pinagawa ka ng iyong guro ng relief print na may disenyo ng etnikong motif. Ano ang tamang pagkakasunod-sunod ng pamamaraan ng paggawa nito?

   1. Pahiran ng tinta ang dulo ng stalks upang mailipat ang disenyo gamit ang brush.
   2. Sa pagbuo ng disenyo, iayos ito nang paulit-ulit, pasalit-salit o radyal.
   3. Kumuha ng isang papel at gumuhit ng modelo ng disenyong etniko na nagpapakita ng pag-uulit, pagsasalit-salit, paikot o radyal na ayos.
   4. Mula sa nabuong modelo sa papel, gumupit ng anumang bagay na maaaring gawing pantatak (stamp) tulad ng sanga ng puno ng saging (banana stalk).

   A. 1-2-3-4  B. 2-3-1-4  C. 4-3-1-2  D. 3-2-4-1



# Susi sa Pagwawasto

Balikan
1. Matigas 2. Makinis 3. Magaspang 4. Malambot

Suriin
1. Pasalit-salit 2. Paulit-ulit 3. Radyal

Isaisip
1. Testura 2. Ethnic Motif 3. Pasalit-salit, Paulit-ulit, Radyal 4. Relief Printing

Tayahin
1. D 2. C 3. C 4. A 5. D

## Sanggunian


Montañez Cynthia, Caringal Maria Teresa, Amit Adulfo, Castro Benjamin, Maninang Emily, Sandoval, Joan D., Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro, Quezon City, Book Media Press, Inc.,2015, 263-267, 272-275

Montañez Cynthia, Caringal Maria Teresa, Amit Adulfo, Castro Benjamin, Maninang Emily, Sandoval, Joan D.,Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral Quezon City, Book Media Press, Inc.,2015, 208-211,216-219,220



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Grace D. Molina, Diane P. Saad, Aelyn M. Sulayman

**Editor:** Reynar M. Gayacao

**Tagasuri:**
**Tagaguhit:** Randolph B. Riveral

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS-Isabela City
Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D., CESE
ASDS-Isabela City
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Jani P. Ismael, EPS-MAPEH, Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here th
e Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our…
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.